Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
**CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION**
Wangal, La Trinidad, Benguet

RECEIVED
NOV 25 2019
DEPED-CAR

Nobyembre 19, 2019

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 429 . 2019

**PANGANGASIWA NG INSTRUMENTO SA PAGMOMONITOR NG KASANAYAN SA PAGBASA**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pandibisyong Tagamasid ng Filipino
Lahat ng Kinauukulan

1. Kaugnay sa resulta ng Philippine Informal Reading Inventory na isinagawa sa Taong Pampaaralan 2018-2019 ay may tatlong daan at limang (305) mag-aaral sa rehiyon na hindi nakababasa. Para mabigyan ng tulong teknikal ang mga paaralan, ang Kagawaran ng Edukasyon-CAR sa pamamagitan ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) ay pangangasiwaan ang pagmonitor sa kakayahan ng mag mag-aaral sa pagbasa sa tulong ng instrumentong nakalakip sa Memorandum na ito.

2. Layunin nitong ganap na maipatupad ang DepEd Order Blg. 014, s. 2018, mabigyan nang angkop na interbensyon ang mga mag-aaral na hindi makabasa at mabigyan ng tulong teknikal ang mga gurong nagtuturo ng pagbasa.

3. Ang mga talatanungang sasagutin ng mga mag-aaral at guro ay makikita sa kalakip na Inclosure bilang 1 at 2 samantalang ang patnubay sa pagbibigay ng instrumento ay nasa Inclosure bilang 3.

4. Hinihiling ang aksyon at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MAY B. ECLAR, Ph.D., CESO V**
Rehiyonal Direktor

*Eclosure Number 1*

## Instrumento sa Pagmomonitor ng Kasanayan sa Pagbasa
(Monitoring Tool for Reading Skills)

**TALATANUNGAN SA ANTAS NG INTERBENSYONG GINAGAMIT/IPINAPATUPAD SA PAGPAPAUNLAD NG PAGBASA**

**(Para sa mga Mag-aaral sa Baitang 6)**

I. Profile ng Tagatugon

Pangalan (Opsyonal) ______________________________

Baitang ______________________________

Paaralan ______________________________

Dibisyon ______________________________

II. Antas ng interbensyong ginagamit/ ipinapatupad sa pagpapaunlad ng pagbasa.

Panuto: Matapat na sagutin batay sa inyong kaalaman ang mga pahayag sa ibaba. Pakilagyan ng tsek (/) sa tapat ng bilang batay sa antas ng interbensyong ginagamit ng iyong guro sa pagpapaunlad ng pagbasa.

| Eskala | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4 | Napakahusay | Lubos-lubos na isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 3 | Mahusay | Lubos na isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 2 | Di-gaanong Mahusay | Bihirang isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 1 | Walang Husay | Hindi isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |

| Blng. | Mga Interbensyong Nakatutulong sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa | NH 4 | M 3 | DM 2 | WH 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Pagkakaroon ng remidyal sa pagbasa pagkatapos ng klase | | | | |
| 2 | Pinasusuri sa mga mag-aaral ang anumang pinababasa | | | | |
| 3 | Pinauunawa ang layunin bago pinababasa ang mag-aaral | | | | |
| 4 | Pagpapadala ng mga mag-aaral sa silid-aklatan upang magbasa at ibahagi ang inpormasyong nabasa sa panahon ng English at Filipinong asignatura | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 5 | Pagbibigay ng tulong teknikal sa mga mag-aaral na nahihirapang magbasa (pasalita o tahimik na pagbasa) | | | | |
| 6 | Pagsasagawa sa kaugaliang Drop Everything And Read ( DEAR). Ang sabay-sabay na pagbasa bago magsimula ang klase sa umaga o sa hapon. | | | | |
| 7 | Pagkakaroon ng iba't ibang uri ng mga babasahin sa klasrum o silid-aklatan | | | | |
| 8 | Nagbibisita ang guro sa bahay ng mag-aaral at ianaalam kung mayroon at anong uri ng babasahin meron sila | | | | |
| 9 | Pagbibigay ng ispeling sa mga salita ng guro sa Filipino | | | | |
| 10 | Pagkakaroon ng mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa sa klase tulad ng patimpalak sa pagbasa nang may wastong diin, damdamin, tono, bigkas atb. | | | | |
| 11 | Pagkakaroon ng iba't ibang estratehiya ng guro sa pagtuturo ng pagbasa tulad ng pagmomodelo, pagpaparis ng may kahinaan at kakayahan sa pagbasa ( peer-assistedlearning), teacher read-aloud, fluency-oriented reading instruction atb. | | | | |
| 12 | Paggamit ng guro ng teknolohiya gaya ng video sa pagtuturo ng pagbasa liban sa mga ibang tekstong babasahin | | | | |
| 13 | Ginagamit ng guro ang differentiated learning sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral (Magkakaibang gawain ang ibinibigay ng guro sa mga mag-aaral sa isang klase batay sa kanilang kakayahan) | | | | |
| **Kabuuan** | | | | | |

## Antas ng balidasyon ng interbensyon sa pagbasa

| Eskala | Saklaw | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.76 –4.00 | Napakahusay | Napakahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 3 | 2.51 –3.75 | Mahusay | Mahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 2 | 1.76– 2.50 | Di-gaanong Mahusay | Di-gaanong mahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 1 | 1.00 –1.75 | Walang Husay | Walang husay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |

*Eclosure Number 2*

## Instrumento sa Pagmomonitor ng Kasanayan sa Pagbasa
(Monitoring Tool for Reading Skills)

**TALATANUNGAN SA ANTAS NG INTERBENSYONG GINAGAMIT/IPINAPATUPAD SA PAGPAPAUNLAD NG PAGBASA**

**(Para sa mga Guro ng Baitang 6)**

I. Profile ng Tagatugon
Pangalan (Opsyonal) ______________________
Baitang na Tinuturuan ______________________
Paaralan ______________________
Dibisyon ______________________

II. Antas ng interbensyong ginagamit/ ipinapatupad sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

Panuto : Matapat na sagutin batay sa inyong kaalaman ang mga pahayag sa ibaba. Pakilagyan ng tsek (/) sa tapat ng bilang batay sa antas ng interbensyong ipinapatupad /isinasagawa sa paaralan para sa pagpapaunlad ng pagbasa.

| Eskala | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4 | Napakahusay | Lubos-lubos na isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 3 | Mahusay | Lubos na isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 2 | Di-gaanong Mahusay | Bihirang isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |
| 1 | Walang Husay | Hindi isinasagawa/ipinapatupad ang interbensyon para mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. |

| Blng. | Mga Interbensyong Nakatutulong sa Pagpapaunlad ng Pagbasa | NH 4 | M 3 | DM 2 | WH 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Nagkakaroon ng SLAC bawat quarter para sa pagbasa (Hal. Pagsusuri sa resulta ng PhilIRI, SReYA atb.) | | | | |
| 2 | Nagkakaroon ng DLAC bawat quarter para sa pagbasa | | | | |
| 3 | Pagsasama ng mga paksang may kaugnayan sa pagbasa sa pagsasagawa ng INSET | | | | |
| 4 | Nagmomonitor ang Pansangay at Pandistritong Tagamasid at nagbibigay ng mga mungkahi para sa pag-angat ng lebel sa pagbasa | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 5 | Nagsasagawa ng mentoring, coaching at tulong teknikal batay sa isinagawang pagmamasid sa klase ang Punong Guro/Ulong Guro/Master Teacher | | | | |
| 6 | Sinsuportahan ng Punong Guro ang programa sa pagbasa sa paggamit ng MOOE para sa reproduksyon ng PhilIRI at iba pang babasahin tulad ng contextualized LRs at paggabay sa kanilang pagtuturo | | | | |
| 7 | Pinapadala sa seminars/palihan ang mga guro sa lenguwahe sa dibisyon, rehiyon at sa nasyunal | | | | |
| 8 | Nagsasagawa ng mga programa o paligsahang may kaugnayan sa pagbasa ang paaralan at dibisyon | | | | |
| 9 | Pagsasama sa eskedyul ng paaralan ang kaugaliang pagbasa-Drop everything and read (DEaR) bago magsimula sa klase sa umaga o sa hapon at ito'y relihiyosong ipinapatupad. | | | | |
| 10 | Ginagawan ng paraan ng punong guro ang maraming bilang ng mga mag-aaral para mabigyan ng pagkakataon malinang ang kakayahan sa pagbasa ang mga bawat nangangailangan ng interbensyon | | | | |
| 11 | Hindi nabibigyan ang mga guro ng karagdagang gawain tulad ng pagiging Guidance Councelor, Supply Officer, Librarian, tagawasto ng banghay aralin at pagmamasid sa kapwa guro sa klase liban sa regular na load nila kaya may pagkakataong magbigay ng remidyal sa pagbasa pagkatapos ng klase. | | | | |
| 12 | Pagkakaroon ng silid-aklatan ang paaralan o mini-library sa klasrum na may mga iba't ibang uri ng babasahin | | | | |
| **Kabuuan** | | | | | |

## Antas ng balidasyon ng interbensyon sa pagbasa

| Eskala | Saklaw | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 3.76 –4.00 | Napakahusay | Napakahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 3 | 2.51 –3.75 | Mahusay | Mahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 2 | 1.76– 2.50 | Di-gaanong Mahusay | Di-gaanong mahusay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |
| 1 | 1.00 –1.75 | Walang Husay | Walang husay ang balidasyon ng interbensyon sa pagbasa. |

*Inclosure Number 3*

## Patnubay sa Pagsagot ng Talatanungan

1. Ang sasagot sa talatanungan ay ang mga guro na nagbigay ng PhilIRI at mga mag-aaral na kumuha sa Taong Pampaaralan 2018-2019.

2. Ang mga gurong ito ay ang nagtuturo sa Ikatlong Baitang at mga mag-aaral din sa Ikatlong Baitang. Ang bilang ng guro ay dalawampu (20) at limampu (50) ang mag-aaral na galing sa iba't ibang paaralan. Hindi lamang sa iisang paaralan ang pagkukunan kundi mula sa sampung paaralan na galing sa iba't ibang Distrito.

3. Inaasahang ang bawat Dibisyon ay may dalawampung (20) guro at limampung (50) mag-aaral na sumagot sa talatanungan. Magkaiba ang talatanungang sasagutin ng dalawang pangkat.

4. Ang paraan ng pagsagot ay **Online** sa pamamagitan ng paggamit sa **Link** na http://bit.ly/34jfpkP para sa Enclosure No. 1 at http://bit.ly/2qxK7ID para sa Enclosure No. 2. Ang pagsagot ay hanggang sa Disyembre 6, 2019 sa ikalima ng hapon. Inaasahang ang bawat napagsabihang mga guro at mag-aaral ay sasagot nito para sa kapakanan at ikabubuti ng kagawaran.

5. Hinihiling ang bawat Tagamasid Pansangay ng Filipino sa bawat Dibisyon na pamunuan at mamamahala sa pagsagot ng mga talatanungan sa tulong ng mga Punong Guro ng napiling paaralan. Ang Tagamasid ang magmumungkahi kung sino ang dapat sasagot sa nasabing talatanungan dahil siya ang nakakaalam sa mga kumuha ng PhilIRI sa nabanggit na taon.